


Whooping cough (pertussis)

Ano ito? Ang whooping cough ay sanhi ng bakterya at nagsisimula sa pagitan ng 5-21 araw pagkatapos ng pagkakahantad. Sa simula, parang sipon lamang ito. Pagkatapos ay maaaring lumala ang ubo. Maaaring tumagal ng maraming linggo ang sakit. Ang ilang mga palatandaan ay:



Tumutulong sipon



Lumalalang ubo



Pagsusuka
pagkatapos umubo



Kahirapan sa
paghinga



Pagkaramdam ng
sobrang pagod

Paano ito kumakalat?

Maaari itong kumalat sa ibang tao sa pamamagitan ng hangin. Nangyayari ito kapag ang isang tao may whooping cough ay nagsasalita, umuubo, o bumabahing sa paligid ng ibang tao.



Sino ang nanganganib?

Pinakananganganib ang mga sanggol. Maaari itong humantong sa pagkakaospital, pulmonya, problema sa paghinga, pinsala sa utak, o kahit kamatayan.



Paano ko maiwasang ikalat ito sa iba kapag nagkasakit ako?



Hugasan ang mga
kamay gamit ang sabon
at tubig



Magsuot ng
maskara



Takpan ang ubo
ng siko o tisyu



Manatili sa bahay
na malayo sa iba



Huwag lumapit sa mga
sanggol at mga buntis



Ang pagbabakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang whooping cough.




- Ang bakuna para sa mga sanggol at maliliit na bata ay tinatawag na DTaP.
- Ang bakuna para sa mga kabataan at matatanda ay tinatawag na Tdap.
- Dapat mabakunahan ang mga buntis sa ikatlong trimestre ng bawat pagbubuntis.



Makipag-usap sa iyong tagapangalaga ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagbabakuna, kung ikaw ay may sakit o nahantad ka sa whooping cough. Nakakatulong ang paggamot gamit ang mga antibiotic, lalo na kapag naibigay nang maaga. Para matuto nang higit pa, bisitahin ang kingcounty.gov/cd.

Pinoprotektahan ng pagbabakuna ang mga tao mula sa whooping cough.

Kailangan ng mga tao ang bakuna sa whooping cough (pertussis) upang maprotektahan ang kanilang sarili at ang iba, anuman ang kanilang edad. Tingnan sa ibaba upang kung aling bakuna ang kailangan mo at kung kailan.



Sino ang kailangang magpabakuna?	Mga sanggol at maliliit na bata	Malapit nang magtinedyer	Mga buntis	19 na taong gulang pataas
Aling bakuna?	DTaP	Tdap	Tdap	Tdap
Kailan ako dapat magpabakuna?	2, 4, at 6 buwang gulang 15-18 buwang gulang 4-6 taong gulang	11-12 taong gulang	Ikatlong trimestre	Anumang oras para sa mga hindi pa nabakunahan
Ilang beses ako dapat mabakunahan?	5	1	1 para sa bawat pagbubuntis	1, at uulitin kada 10 taon



Paano pinoprotektahan ng pagbabakuna ang aking sanggol ko panahon ng pagbubuntis?

Kapag nabakunahan ka, gumagawa ang iyong katawan ng mga antibody na ipinapasa sa iyong sanggol. Pinoprotektahan ng mga antibody ang iyong sanggol sa mga unang buwan ng kaniyang buhay. Dapat mabakunahan ang mga buntis sa simula ng kanilang ikatlong trimestre ng *bawat* pagbubuntis.

Gaano kahusay ang paggana ng bakuna?

Kapag ganap kang nabakunahan, mas maliit ang posibilidad na magkaroon ka ng whooping cough. Gayunpaman, nawawala ang proteksyon sa paglipas ng panahon. Narito ang magandang balita:



- Kung nabakunahan ka at nagkasakit pa rin, kadalasan ay hindi ito malala.
- Pinoprotektahan ng bakuna ang iyong bagong silang na sanggol mula sa pagkakasakit o pagkakaroon ng malubhang sakit. Maaaring nakamamatay sa mga sanggol ang whooping cough.



Makipag-usap sa iyong tagapangalaga ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagpapabakuna.

Bisitahin ang kingcounty.gov/findaclinic para sa mga opsyon sa pagbabakuna malapit sa iyo.